Tagalog - Philippines

Trabahong Pagaaral ng
Vinnuskóli Reykjavik

Ang Vinnuskóli ng Reykjavik ay nag-aalok ng trabaho sa kabataan habang wala silang pasok sa paaralan sa bakasyon (summerjob). Ito ay para sa kabataang naninirahan sa Reykjavik at nasa ika-8, ika-9 at ika-10 baitang ng mababang paaralan ng lungsod at may 14, 15 at 16 taong gulang sa kasalukuyang taon.

Ang mga kabataan ay hahatiin sa grupo, kung saan ang bawat grupo ay bubuuin ng 12 -14 na miyembro. Sila ay may ibat - ibang gawain sa labas. May nakatalagang mamumuno sa bawat grupo at ang gawaing ibibigay sa kanila ay naaayon sa kanilang mga gulang o edad.

14 taong gulang, nasa ika- 8 baitang sa mababang paaralan: paglilinis at magaang trabaho ng pag- aayos sa kapaligiran ng mababang paaralan at mga palaruan.
15 taong gulang – nasa ika-9 baitang – magtatanim ng mga halaman at mag-aayos ng daan sa bukas na kapaligiran (open areas). Gayundin, tutulong sa pag-aalaga ng mga halaman sa kapaligiran ng tirahan ng mga matatanda at may kapansanan.
16 taong gulang, nasa ika-10 baitang : magaang gawain ukol sa pag-aayos at pag-mementina sa kapaligiran ng mga institusyon ng Reykjavik at kapaligiran ng lungsod.

Ang haba ng oras sa paggawa ay batay sa gulang ng mga kabataan:14 taong gulang, magtatrabaho ng 3-5 oras sa isang araw at maaaring magtrabaho sa loob ng 5 linggo.15 taong gulang, magtatrabaho sa loob ng 7 oras bawat araw sa loob ng 5 linggo.16 taong gulang gagawa sa loob 7 oras bawat araw at maaaring magtrabaho ng 6 na linggo.

Ang kabataan ay tuturuang gumamit ng simpleng kasangkapan at ang anumang matututunan nila dito ay mapapakinabangan nila sa hinaharap.

Pagkatapos ng trabahong ito, ang bawat kabataan ay pagkakalooban ng kasulatan o sertipiko tungkol sa kanilang pagganap sa gawain. Ang mga sumusunod ay isasa-alang-alang: pagiging maagap, etika sa paggawa (working ethics), pakikipagsalamuha at pakikipagtulungan sa grupo, kaayusan sa gawain at mga kagamitan at kung papano nila harapin ang mga alituntuning binibigay sa kanila.

Mula sa umpisa ng trabaho, makababuting pag-ibayuhin ang paggawa. Gayun din ay ingatan ang naturang sertipiko na galing sa tanggapan.

Ang kasulatang ito na nagpapatunay sa kanilang paggawa (certificate of employment) ay maaaring maging susi sa paghahanap ng trabaho kung kinakailangan.

Lahat ng impormasyon tungkol sa pagtatrabaho sa bakasyon ay matatagpuan sa homepage www.vinnuskoli.is Naririto rin ang papel na kailangang sagutan at ipadala sa pagpapatala.

Ang pagpapatala ay magsisimula sa huling bahagi ng Marso hanggang sa katapusan ng Abril. Ito ay ipina-aalam sa lahat ng mababang paaralan ng Reykjavik. Importanteng magpatala ang kabataan bago matapos ang panahong nabanggit sa pagpa-parehistro.

Kailangan ang mga sumusunod sa pagpapatala: icelandic kennitala (national identity no.) galing sa Pambansang Talaan, Borgartuni 24, tel. 569-2900 at account no. sa bangko.Ang lahat ng sahod ng bawat kabataan ay ilalagay sa sarili nilang bilang ng account sa bangko.

Para sa mga kabataang may 16 taong gulang sa kasalukuyang taon, sila ay padadalhan ng tax card ng Pambansang Pamunuan ng Buwis.Kung di ito naipadala sa koreo, ang tax card ay maaaring kunin sa nasabing tanggapan sa Laugavegur 166, Reykjavik, telepono 800 6311.

Ang tax card ay ibibigay sa tanggapan ng Vinnuskóli sa unang araw ng pasukan sa trabaho.

Kung ang bata ay may allergy o iba pang sakit na maaaring maapektuhan ang kalusugan dahil sa paggawa, ipag-bigay alam agad ito sa pagpapatala pa lamang. Ibigay din ang pangalan ng manggagamot na nakakaalam tungkol sa nasabing allergy o sakit.

Kung magpapatala /rehistro sa Vinnuskóli sa computer, ilagay ang kennitala (petsa ng kapanganakan at personal na numero) sa papel-talaan, (registration form), lalabas dito ang pangalan at tirahan tulad ng nakatala sa Pambansang Talaan. Ipagpatuloy sagutan ang mga tanong at punan ang lahat na hinihinging impormasyon sa talaang –papel. Pagkatapos ipadala ang papel upang magpatala, lalabas ang patunay (confirmation) na ito ay nakarating sa tanggapan ng Vinnuskóli.

Para sa karagdagang kaalaman at kaukulang impormasyon tungkol sa gawain ng Vinnuskóli ng Reykjavik at gabay sa pagsagot sa talaang -papel at pag-rehistro, pumunta lamang sa mga sumusunod:

- Tanggapan ng Vinnuskóli ng Reykjavik, Skúlagata 19,3flr. tel: 563 2750
- Homepage ng Vinnuskóli ng Reykjavik sa computer: www.vinnuskoli.is
- Mga tagapayo sa bawat mababang paaralan ng Reykjavik
- Sentro ng Lingkurang Panlipunan (Social Services) sa bawat distrito ng lungsod ng Reykjavik

www.vinnuskoli.is => “Skráning unglinga í sumarstörf ...” => “Skráning unglinga í Vinnuskóla Reykjavíkur.”

(Upplýsingar um umsækjanda) Impormasyon tungkol sa aplikante
(Íslensk kennitala) Kennitala o petsa ng kapanganakan at personal na numero
(Nafn) Pangalan
(Netfang) E-mail address
(Lögheimili) Legal na tirahan
(Póstnúmer) Area code
(Dvalarstaður ef annar en lögheimili) Kasalukuyang tirahan (kung di nakatira sa legal na tirahan)
(Sími 1,2,3) Telepono (1,2,3)
(Skóli) Piliin ang pangalan ng paaralang pinapasukan

(Bankareikningur) Account sa bangko
(Nafn á banka og staðsetning) Pangalan ng bangko at adres
(Bankanúmer) Klase o uri ng account sa bangko
(Hbnr) Account no.
(Ofnæmi) Allergy o iba pang sakit kung meron
(Tilgreinið ofnæmi eða sjúkdóma ef einhverjir eru)
(Nafn og sími læknis)

(Staðfesting foreldris eða forráðamanns) Impormasyon tungkol sa magulang o tagapag-alaga(guardian)
(Nafn) Pangalan
(Kennitala) Kennitala o petsa ng kapanganakan at personal na numero
(Vinnustaður) Lugar/pangalan ng lugar na Pinagtatrabahuhan
(Vinnusími sími)Telepono sa trabaho
(GSM sími) Cellphone

(Athugasemdir) Karagdagang- puna (remarks)

(Senda) Patibay ng aplikante (confirmation of applicant)